

Novel Coronavirus (COVID-19)

Mas Ligtas sa Tahanan na Utos Madalas Itanong na mga Tanong

Nananawagan ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan (Public Health) ng Los Angeles County sa publiko na tumulong sa pagpigil sa pagkalat ng sakit na dulot ng novel (bago) coronavirus (COVID-19). Ang Public Health at ang mga katuwang nito ay nagsasagawa ng mga agresibong hakbang upang subukang mapigil ang pagkalat ng COVID-19, ngunit sa kabila ng mga pagsisikap na ito, patuloy pa rin ang komunidad na transmisyon sa loob ng Los Angeles County. Dahil wala pang bakuna o paggamot, ang mga karagdagang hakbang sa sosyal na pagdistansya ay kinakailangan upang mapigil ang pagdami ng mga bagong kaso ng COVID-19 at maprotektahan ang kapwa publiko at ang sistema ng pangangalagang pangkalusugan.

Upang makatulong na mapigilan ang pagkalat ng COVID-19, ang Opisyal ng Kalusugan ng County ng Los Angeles ay naglabas ng isang Binagong Utos ng Opisyal ng Kalusugan noong Marso 21, 2020, na humahalili (pumapalit) sa naunang mga Utos ng County. Itong pinakabagong, "Mas Ligtas sa Tahanan na Utos" ay nakahanay sa Utos ng Gobernador ng California noong Marso 19, 2020: <https://www.gov.ca.gov/wp-content/uploads/2020/03/3.19.20-attested-EO-N-33-20-COVID-19-HEALTH-ORDER.pdf>, na kinakailangan sa mga taga-California na Manatili sa Bahay.

Ang Mas Ligtas sa Tahanan na Utos ng Los Angeles County at karagdagang mga dokumento ng gabay ay matatagpuan sa COVID-19 na webpage ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County: <http://publichealth.lacounty.gov/media/Coronavirus/>.

Ang Pangkalahatang Impormasyon tungkol sa Mas Ligtas sa Tahanan na Utos ng Opisyal ng Kalusugan

1. Ano ang COVID-19?

Ang sakit na Coronavirus 2019 (COVID-19) ay isang sakit sa palahingahan na dulot ng novel coronavirus. Kumakalat ito sa pagitan ng mga taong nagkaroon ng malapit na pakikisalamuha sa isa't isa (sa loob ng halos 6 na talampakan) sa pamamagitan ng mga patak na nalikha kapag ang isang nahawaang tao ay umuubo o bumahin. Maaari rin itong kumalat kapag ang isang tao ay humawak sa isang ibabaw o bagay na mayroong virus mula sa taong nahawaan nito at pagkatapos ay hinawakan ang kanilang bibig, ilyong, o mga mata bago hugasan ang kanilang mga kamay.

Ang mga taong nahawaan ng COVID-19 ay maaaring magkaroon ng di-malubha hanggang sa malubhang sakit sa palahingahan, na may kasamang lagnat at ubo na maaaring humantong sa hirap sa paghinga. Ang lahat ay nasa panganib na magkasakit ng COVID-19 ngunit ang ilang mga tao ay mas madaling magkaroon ng malubhang sakit dahil sa kanilang edad, pisikal na kalagayan, at/o kalagayan ng kalusugan.

2. Bakit nagpalabas ng Mas Ligtas sa Tahanan na Utos ng Opisyal ng Kalusugan ng Kalusugan ang Opisyal ng Kalusugan ng Los Angeles County?

Ang batas ng California ay nagbibigay ng awtoridad sa Opisyal ng Kalusugan na gumawa ng mga hakbang sa proteksiyon na kinakailangan upang maprotektahan laban sa pagkalat ng sakit. Sa kawalan ng isang partikular na bakuna o isang partikular na paggamot para sa COVID-19 at sa pagtaas ng mga kaso, ang paglilimita sa mga pagkakataon para sa malapit na pakikisalamuha sa pagitan ng mga tao ay ang

Novel Coronavirus (COVID-19)

Mas Ligtas sa Tahanan na Utos Madalas Itanong na mga Tanong

pinakamahasay at ang natatanging paraan upang mapigilan ang pagkalat ng COVID-19 at maprotektahan ang publiko.

Ang mga Utos ay batay sa sayentipikong ebidensya at pinakamahasay na mga kasanayan. Inirerekomenda ng mga eksperto sa pampublikong kalusugan ang sosyal na pagdistansya (dagdagan ang distansya sa pagitan ng mga tao) upang mahinto o mapigilan ang pagkalat ng mga nakakahawang sakit, tulad ng COVID-19.

3. Hanggang kailan magiging epektibo ang Mas Ligtas sa Tahanan na Utos?

Ang Utos na ito ay epektibo hanggang Abril 19, 2020. Patuloy na susubaybayan ng Public Health ang bilis ng pagkalat ng COVID-19, ang kalubhaan ng mga nagreresulta na sakit at pagkamatay, mga rekomendasyon ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California (CDPH) at mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (CDC), at ang pangangailangan para sa karagdagang mga hakbang. Kung kinakailangan, ang Opisyal ng Kalusugan ay maaaring palawigin, palawakin, o baguhin ang Utos na ito upang maprotektahan ang kalusugan ng publiko.

4. Naaankop ba ang Mas Ligtas sa Tahanan na Utos sa lahat ng tao sa Los Angeles County?

Hindi. Ang Utos na ito ay naaankop lamang sa mga lugar na nasa ilalim ng Hurisdiksyon ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County, na kasama ang lahat ng mga bahagi ng County maliban sa mga siyudad ng Long Beach at Pasadena. Ang mga lungsod ng Long Beach at Pasadena ay may kanilang sariling mga kagawaran ng pampublikong kalusugan sa lungsod at naglabas ng mga Utos ng Opisyal ng Kalusugan na katulad na katulad ng sa Mas Ligtas sa Tahanan na Utos Opisyal ng Kalusugan. Ang mga negosyo at mga organisasyon na tumatakbo sa mga lungsod na ito ay dapat magtanong sa kani-kanilang kagawaran ng pampublikong kalusugan para sa paggabay.

5. Naaankop pa rin ba ang Mas Ligtas sa Tahanan na Utos kung ang isang lungsod ay naglabas din ng mga kinakailangan?

Ang lahat ng nasa ilalim ng hurisdiksyon sa Kalusugan ng Los Angeles County (hindi pinagsama-samang mga lugar at mga lungsod maliban sa Long Beach at Pasadena) ay dapat sumunod sa Mas Ligtas sa Tahanan na Utos ng Los Angeles County. Gayunpaman, ang Utos ay hindi nangingibabaw sa anumang mas mahigpit na mga paghihigpit na inilalagay ng isang lokal na hurisdiksyon tulad ng isang Lungsod.

Ano ang sinasabi ng Mas Ligtas sa Tahanan na Utos ng Opisyal ng Kalusugan?

6. Ano ang hinihiling ng Mas Ligtas sa Tahanan na Utos na gawin ng publiko?

Ang pampubliko at pribadong mga sektor ay dapat tumulong upang maiwasan ang pagkalat ng COVID-19 sa pamamagitan ng pagsasagawa ng sosyal na pagdistansya at paggawa ng mga makatwirang pag-iingat sa pagkontrol sa impeksyon. Dahil sa patuloy na mabilis na pagkalat ng COVID-19 at ang pangangailangan na maprotektahan ang pinakamadaling maapektuhan na mga miyembro ng ating komunidad, ang Public

Novel Coronavirus (COVID-19)

Mas Ligtas sa Tahanan na Utos Madalas Itanong na mga Tanong

Health ay nanawagan sa lahat na manatili sa bahay o sa kanilang lugar ng tirahan, maliban kung kailangan nilang magtrabaho sa Mahahalagang mga Negosyo o Operasyon sa Pangangalaga sa Kalusugan, magbigay ng Mahahalagang Imprastraktura, mamili sa isang Mahalagang Negosyo, o makisali sa isang Mahalagang Gawain. Para sa mga miyembro ng publiko, ang ibig sabihin nito ay dapat silang:

- Manatili sa bahay (manatiling hindi nakalantad at huwag ilantad sa iba)
- Lumabas lamang para sa mahahalagang mga serbisyo o kung sila ay isang mahalagang manggagawa
- Manatiling anim na talampakan o higit pa sa ibang mga tao
- Hindi magtitipon sa mga grupo

Ang Utos, na kung saan ay epektibo hanggang Abril 19, 2020, ay partikular na:

- Nagbabawal sa lahat ng panloob at panlabas na pampubliko at pribadong mga pagtitipon at mga kaganapan sa mga taong hindi sa parehong sambahayan sa Los Angeles County.
- Kinakailangan sa lahat ng mga negosyo na huminto sa mga personal na operasyon at magsara sa publiko, maliban kung ang negosyo ay tinukoy bilang isang Mahalagang Negosyo. Partikular na kinakailangan ito na magsara ang lahat ng panloob na mga mall at mga sentro ng pamilihan, lahat ng mga tiangge at mga talipapa, lahat ng mga panloob at panlabas na palaruan, at lahat ng hindi mahahalagang mga negosyo.
- Kinakailangan sa Mahahalagang mga Negosyo na hindi hinihiling na magsara sa publiko na magsagawa ng sosyal na pagdistansya sa abot ng makakaya at mga pag-iingat sa pagkontrol ng impeksyon na nakalista sa Utos na ito.
- Kinakailangan sa lahat ng mga kainan na maghanda lamang at mag-alok ng pagkain na ibibigay sa mga kustomer sa pamamagitan ng paghahatid na serbisyo, sa pamamagitan ng pagpick-up para sa takeout na pagkain, at sa pamamagitan ng drive-thru. Ang mga kainan ay hindi dapat magbigay ng panloob o panlabas na serbisyo sa mesa.

Ang Utos na ito ay hindi pumipigil sa sinumang indibidwal o pamilya mula sa pakikisali sa mga di-aktibo na libangan o panlabas na mga gawain, tulad ng paghike, paglalakad, pag-jogging, o pagbibisikleta, hangga't ang lahat ng mga tao ay nagsasagawa ng sosyal na pagdistansya hangga't maaari.

Dahil maaaring baguhin o palawigin ang Utos, ang lahat ng mga residente ay dapat kumunsulta sa website ng Public Health (www.publichealth.lacounty.gov) araw-araw hanggang matapos ang Utos, at sundin ang anumang binago na mga kinakailangan.

7. Anong uri ng mga negosyo ang kinakailangan na pansamantalang magsara sa publiko?

Ang Mas Ligtas sa Tahanan na Utos ay kinakailangan sa agarang pansamantalang pagsasara sa publiko sa lahat ng mga negosyo na hindi itinuturing na Mahahalagang mga Negosyo. Ang Mahahalagang mga Negosyo ay mga negosyo na nagsasagawa ng mga serbisyo na mahalaga sa kapakanan ng mga residente ng Estado.

Kasama sa ilang mga halimbawa ng hindi mahahalagang mga negosyo na kinakailangan na magsara ay:

- Mga Bar at Mga Nightclub.

Novel Coronavirus (COVID-19)

Mas Ligtas sa Tahanan na Utos Madalas Itanong na mga Tanong

- Mga sinehan, drive-in na mga sinehan, mga lugar ng live na pagganap, mga bulwagan ng konsiyerto, mga arena, at mga istadyum.
- Mga bowling alley at mga arcade.
- Mga gym at mga fitness center.
- Mga Winery, Mga Brewery, at mga Tap Room (ang bahagi na nag-aalok ng pampublikong pagkonsumo ng inumin).
- Mga sentro ng personal na pag-aayos tulad ng mga kuko o mga hair salon.
- Mga Golf Course, Mga Korte ng Tennis, Volleybol at Basketbol.
- Mga Pamilihan ng Sigarilyo at Tabako.
- Mga Tindahan ng damit.
- Mga Negosyo sa Paghuhugas ng Kotse.
- Mga panloob na mall at mga sentro ng pamilihan (maliban sa Mahahalagang mga Negosyo na maaaring ma-akses mula sa labas ng panloob na mall).
- Mga panloob at panlabas na mga palaruan ng mga bata (maliban sa mga matatagpuan sa loob ng mga sentro ng pangangalaga sa bata).
- Mga Talipapa at Mga Tiangge.

8. Anong mga uri ng mga negosyo ang **hindi** kinakailangan na pansamantalang magsara sa publiko?

Ang Mahahalagang mga Negosyo lamang ang hindi kinakailangan na pansamantalang magsara sa publiko. Maraming mga uri ng mga negosyo at mga serbisyo na itinuturing na mahalaga, na maaaring manatiling bukas upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga residente hangga't ang lahat ay nagsasagawa ng sosyal na pagdistansya hangga't maaari. Kabilang sa mga halimbawa ang:

- Mga tindahan na nagbebenta ng mga groseri at iba pang mga produkto na kinakailangan upang mapanatili ang kaligtasan, kalinisan, at mahahalagang operasyon ng mga tirahan.
- Mga organisasyon at negosyo na nagbibigay ng tirahan, serbisyong panlipunan, at iba pang mga pangangailangan sa pamumuhay.
- Mga Bangko, Mga Credit Union, mga pinansyal na institusyon, at mga seguro na kompanya.
- Mga gasolinahan at mga convenience store.
- Mga tindahan ng hardware, mga tindahan ng mga suplay sa pagtatayo ng edipisyo, mga talyer ng kotse, at mga talyer ng bisikleta.
- Ang mga tubero, mga elektrisyan, mga tagapamahala ng ari-arian, mga hardinero / mga landscaper, mga tauhan ng seguridad, at mga punerarya/morge.
- Mga labahan, mga dry cleaner, mga negosyo na nagbibigay ng mga serbisyo sa koreo at pagpapadala.
- Mga hotel, mga motel, at ibinahaging mga yunit ng pag-upa.
- Mga kompanya ng eroplano, mga serbisyo sa pagsakay, mga taksi, at iba pang mga pribadong serbisyo sa transportasyon.
- Mga negosyo na nagpapadala sa barko, sa trak o nagbibigay ng logistik na suporta para sa paghahatid ng mga groseri, pagkain, mga paninda o mga serbisyo nang direkta sa mga residente, Mahahalagang mga Negosyo, Mga Operasyon sa Pangangalagang Pangkalusugan at Mahahalagang Imprastruktura.

Novel Coronavirus (COVID-19)

Mas Ligtas sa Tahanan na Utos Madalas Itanong na mga Tanong

- Mga ospital, mga klinika, mga sentro ng pampublikong kalusugan, at iba pang mga lisensyadong tagapagbigay ng pangangalaga sa kalusugan.
- Mga serbisyo sa konstruksyon at mga gawain para sa pampubliko, komersyal, at residensiyal na ari-arian.
- Mga propesyonal na serbisyo, tulad ng payroll, accounting, at ligal, kung kinakailangan upang makatulong sa pagsunod sa mga ligal na ipinag-uutos na gawain.
- Mga negosyo na tumutulong sa inspeksyon, pagrekord, at paglipat ng residensiyal at komersyal na ari-arian.
- Mga pang-edukasyon na institusyon (kung nagpapatakbo ng malayong pag-aaral).
- Mga negosyo na sumusuporta sa mga pangangailangan sa transportasyon.
- Mga sentro ng pangangalaga sa bata.
- Mga tagapagbigay ng pangangalaga na nakabatay sa bahay para sa ilang mga grupo.
- Mga entidad na nagsasagawa ng trabaho na mahalaga para sa pambansang seguridad.
- Mga Operasyon sa Pangangalagang Pangkalusugan. Tingnan ang Utos para sa listahan ng kung ano ang itinuturing na mga operasyon sa pangangalagang pangkalusugan.
- Mga tagapagbigay ng Mahahalagang Imprastraktura. Tingnan ang Utos para sa listahan ng kung ano ang itinuturing na mga tagapagbigay ng Mahahalagang Imprastraktura.

Para sa buong listahan ng Mahahalagang mga Negosyo, tingnan ang seksyon 13 ng Utos. Para sa listahan ng mga itinuturing na Operasyong Pangangalagang Pangkalusugan at Mahahalagang Imprastraktura, tingnan ang Seksyon 15 ng Utos. Ang Utos ay matatagpuan sa

http://publichealth.lacounty.gov/media/Coronavirus/COVID-19_March%2021-HOOrder-7_00_FINAL2.pdf.

9. Pinapayagan ba ang mga non-profit na organisasyon na magpatuloy sa pagpapatakbo?

Ang mga nagbibigay lamang ng mahahalagang mga serbisyo tulad ng inilarawan sa Mas Ligtas sa Tahanan na Utos ang maaaring manatiling bukas. Kasama rito ang mga non-profit na nagpapatakbo ng mga pantry ng pagkain, nagbibigay ng pabahay at mga serbisyo para sa mga residente na walang tirahan, at iba pang kritikal na mga serbisyo.

10. Ang mga pasilidad ng pangangalaga sa bata ay pinapayagan na manatiling bukas. Mayroon bang mga partikular na kinakailangan para sa kanila?

Ang mga pasilidad ng pangangalaga sa bata ay dapat na sumunod sa mga kinakailangang ito:

- Ang pangangalaga sa bata ay dapat isagawa sa mga matatag na grupo ng labindalawang (12) o mas kaunti. Ang "matatag" ay nangangahulugang ang parehong labindalawa (12) o mas kaunting mga bata ay nasa parehong grupo bawat araw. Ang mga bata ay hindi maaaring magbago mula sa isang grupo sa isa pa.
- Kung higit sa isang grupo ng mga bata ang inaalagaan nang sabay-sabay sa site / pasilidad, ang bawat grupo ay dapat nasa isang hiwalay na silid at ang mga pangkat na ito ay hindi maaaring makihalubilo sa bawat isa.
- Ang bawat tagapagbigay ng pangangalaga sa bata ay dapat na kasama ng iisang grupo ng mga bata.

Novel Coronavirus (COVID-19)

Mas Ligtas sa Tahanan na Utos Madalas Itanong na mga Tanong

- Ang mga palaruan sa loob ng pasilidad ng pangangalaga sa bata ay maaaring magamit ng mga bata na inaalagaan sa pasilidad na iyon.

11. Anong mga kasanayan sa pagkontrol sa impeksyon ang kinakailangang sundin ng Mahahalagang mga Negosyo?

Ang lahat ng Mahahalagang mga Negosyo na hindi kinakailangan na magsara sa publiko, kabilang ang mga ahensya ng gobyerno, ay kinakailangan na magsagawa ng mga sumusunod na mga pag-iingat sa pagkontrol sa impeksyon:

- Magsanay ng sosyal na pagdistansya sa pamamagitan ng paghiling sa mga parokyano, mga bisita, at mga empleyado na paghiwalayin ng anim (6) na talampakan, hangga't maaari.
- Magbigay ng akses sa mga pasilidad ng paghuhugas ng kamay na may sabon at tubig o sa sanitiser sa kamay na naglalaman ng hindi bababa sa 60 porsyento na alkohol.
- Magpaskil ng palatandaan sa isang lugar na madaling makita sa mga pampublikong pasukan sa lugar na nagtuturo sa mga miyembro ng publiko na hindi pumasok kung nakakaranas sila ng mga sintomas ng sakit sa palahingahan, kabilang ang lagnat o ubo.
- Sumunod sa mga rekomendasyon sa pagkontrol sa nakahahawang sakit na ibinigay ng Public Health.

Ano ang ibig sabihin ng Mas Ligtas sa Tahanan na Utos ng Opisyal ng Kalusugan para sa Akin?

12. Maaari ba akong umalis sa aking bahay?

Oo. Ang publiko ay maaaring umalis sa bahay para maka-akses sa mahahalagang mga serbisyo (hal., ang mga nakakatugon sa mga pangunahing pangangailangan ng tao) tulad ng pagbili ng mga groseri; pagkuha ng mga kinakailangan na mga suplay sa isang tindahan ng hardware; pagtulong sa ibang tao para makakuha ng mga kinakailangang suplay; pagpunta sa doktor; pagkuha ng niresetang gamot; paghahatid sa mga bata sa daycare; pagkuha ng mga suplay sa alagang hayop o pagdala sa isang alagang hayop sa isang beterinaryo; pagpunta sa isang bangko o credit union; o pag-akses sa mga serbisyo sa korte, sosyal at administratibo. Gayunpaman, dapat mong bawasan ang mga bilang ng pagbiyahe, manatiling hindi bababa sa 6 na talampakan ang layo mula sa ibang mga tao hangga't maaari, at manatili sa bahay kung ikaw ay may lagnat o may mga sintomas sa palahingahan.

Ang mga empleyado na nagtatrabaho para sa isang mahalagang negosyo (hal., mga manggagawa sa gobyerno at mga manggagawa sa pribadong sektor na nagtatrabaho sa Mahahalagang mga Negosyo o Mahahalagang Imprastraktura) ay pinapayagan ding umalis sa bahay upang magtrabaho.

Ang mga Indibidwal at mga pamilya ay maaaring ding sumali sa mga panlabas na gawain tulad ng paghike o paglalakad hangga't sila ay manatiling hindi bababa sa 6 na talampakan ang layo mula sa ibang mga tao habang ginagawa ang mga ito.

Novel Coronavirus (COVID-19)

Mas Ligtas sa Tahanan na Utos Madalas Itanong na mga Tanong

- 13. Maaari ba akong umalis sa aking tahanan upang dalhin ang aking mga anak, mga umaasa, mas matandang miyembro ng pamilya o mga may kapansanan sa mga kinakailangang appointment tulad ng pangangalaga sa kalusugan o sosyal na serbisyo na mga pagbisita?**

Oo, hangga't gumagamit ka ng sosyal na pagdistansya hangga't maaari, maaari kang umalis sa iyong tahanan upang maalagaan ang mga indibidwal na ito, kabilang ang pagdadala sa kanila sa mga kinakailangang appointment.

- 14. Naglabas ng isang utos ng korte para sa akin. Maaari ba akong umalis sa aking tahanan upang sundin ito?**

Oo. Ang paglalakbay sa labas ng bahay upang sumunod sa mga utos ng korte o pagpapatupad ng batas ay pinapayagan.

- 15. Maaari ba akong pumunta sa trabaho?**

Ang mga empleyado ng gobyerno at ang mga manggagawa sa pribadong sektor na nagtatrabaho sa Mahahalagang mga Negosyo, Mga Operasyon sa Pangangalagang Pangkalusugan o Mahahalagang Imprastruktura ay pinapayagan at dapat na pumunta sa trabaho. Ang isang listahan ng mga manggagawa na tinukoy ng Opisyal ng Kalusugan ng Estado na mga kritikal na manggagawa sa imprastruktura, na maaaring magpatuloy sa pagpunta sa trabaho, ay matatagpuan sa <https://covid19.ca.gov/img/EssentialCriticalInfrastructureWorkers.pdf> .

Kung ikaw ay may kakayahang pumunta sa trabaho, tanungin ang iyong taga-empleyo tungkol sa sosyal na pagdistansya, mga alternatibong iskedyul ng trabaho, o anumang iba pang mga kasanayan na maaaring mailagay nila upang makatulong na maprotektahan ka at ang mga taong pinaglilingkuran mo.

- 16. Maaari bang manatiling bukas ang mga pang-edukasyon na institusyon?**

Oo, para sa mga pakay ng pagpapahusay sa malayong pag-aaral, pagbibigay ng mga pagkain para sa pagpick-up, o pagsasagawa ng mahahalagang pagganap habang sumusunod sa sosyal na pagdistansya.

- 17. Maaari bang patuloy na manatili ang mga indibidwal sa mga dorm, mga silungan o iba pang komunal na setting?**

Oo, hangga't pinapanatili nila ang sosyal na pagdistansya at sinusunod ang mga hakbang ng institusyon upang mabawasan ang pagkalat ng sakit.

- 18. Maaari ba na sumakay ng pampublikong transportasyon, mga serbisyo sa pagsakay (hal., Lyft o Uber) o maghintay sa mga hintuan ng bus o mga istasyon para sa transportasyon?**

Dapat mong limitahan ang paglalakbay sa labas ng bahay sa mga gawain na itinuturing na mahalaga ngunit maaari kang sumakay sa pampublikong transportasyon o gumamit ng mga serbisyo sa pagsakay hangga't pinapanatili mo ang hindi bababa sa 6 na talampakan na layo mula sa ibang mga tao.

Novel Coronavirus (COVID-19)

Mas Ligtas sa Tahanan na Utos Madalas Itanong na mga Tanong

19. Maaari ko bang dalhin ang aking anak sa parke?

Oo, hangga't sinusubukan mong mapanatili ang sosyal na pagdistansya mula sa ibang mga tao sa parke. Gayunpaman, ang parehong panloob at panlabas na mga palaruan at iba pang mga pasilidad ng parke ay hindi pinapayagan na manatiling bukas.

20. Maaari ba akong tumawag ng isang tubero upang ayusin ang isang tumatagas na tubo o barado na banyo?

Oo. Pinapayagan kang patuloy na makakuha ng mga serbisyo na kinakailangan upang mapanatili ang kaligtasan at kalinisan ng iyong tahanan.

21. Pinayagan ba akong alagaan ang isang miyembro ng pamilya o alagang hayop sa bahay ng ibang tao?

Oo. Pinapayagan kang magbigay ng pangangalaga at mga serbisyo para sa madaling maapektuhan at mga tao o mga hayop na umaasa. Gayunpaman, ikaw ay dapat na gumawa ng mga pag-iingat upang maiwasan ang pagkalat ng COVID-19, tulad ng pagtiyak na wala kang lagnat o sintomas ng sakit bago umalis upang magbigay ng pangangalaga, pagpapanatiling hindi bababa sa 6 na talampakan mula sa ibang mga tao hangga't maaari, at madalas na paghuhugas ng iyong mga kamay, kasama ang pagkatapos kaagad ng pagpasok sa kanilang bahay o paggamit ng sanitiser sa kamay na hindi bababa sa 60 porsyento na alkohol.

22. Maaari pa ba akong umalis ng bahay upang magbigay ng dugo?

Oo. Ikaw ay maaaring patuloy na magbigay ng dugo sa mga sentro ng Red Cross at sa mga site sa pagbibigay ng dugo.

Ang mga pagbibigay ng dugo ay hindi ipinagbabawal ng Mas Ligtas sa Tahanan na Utos o iba pang mga Utos ng Los Angeles County, hangga't ang mga pagsasanay sa sosyal na pagdistansya ay ipinapatupad sa maximum na lawak na maaari. Tulad ng isang ospital, tindahan ng groseri, o parmasya, ang pagbibigay ng dugo ay mahalaga para matiyak ang kalusugan ng komunidad. Ang Red Cross ay magpapatuloy na magdaraos ng mga pagbibigay ng dugo para tumulong sa pagtugon sa mga pangangailangan ng pasyente at nagpatupad ng bagong mga hakbang na nagtitiyak na ang mga pagbibigay ng dugo at mga sentro ng donasyon ay mas ligtas para sa mga nagbibigay ng dugo at mga kawani. Ang pagsasanay ng sosyal na pagdistansya at pagbibigay ng dugo ay hindi naiiba sa isa't isa, ngunit ang mga ito ay parehong tutulong sa mga miyembro ng komunidad na maging malusog sa pamamagitan ng pagpigil sa pagkalat sa COVID-19 na virus at sa pagtitiyak na ang mga pasyente sa buong bansa ay makatatanggap ng nagliligtas-buhay na dugo.

Karagdagang Impormasyon

23. Mayroon bang gabay na magagamit para sa mga retail na pasilidad ng pagkain, tulad ng mga kainan?

Oo. Ang isang naaayon na gabay na dokumento para sa mga retail na pasilidad ng pagkain ay magagamit mula sa Public Health sa: www.publichealth.lacounty.gov/media/Coronavirus/GuidanceFoodFacilities.pdf.

Novel Coronavirus (COVID-19)

Mas Ligtas sa Tahanan na Utos Madalas Itanong na mga Tanong

Inilalarawan nito ang mga kinakailangan ng Utos, tinutukoy kung aling mga pasilidad ang hindi kasali, at inilalarawan ang inirekumendang mga kasanayan sa pag-iwas.

24. Paano ako makakakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa Mas Ligtas sa Tahanan na Utos at ang kinakailangang sosyal na pagdistansya at mga pag-iingat sa pagkontrol sa impeksyon?

- I-download ang Utos mula sa website ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County sa http://publichealth.lacounty.gov/media/Coronavirus/COVID-19_March%2021-HOOrder-7_00_FINAL2.pdf . Maaari mo ring makita ang Utos sa Kenneth Hahn Hall of Administration o humiling ng isang kopya sa pamamagitan ng pagtawag sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County sa (323) 914-7801, Lunes hanggang Biyernes mula 8:00 am hanggang 4:00 pm, o sa pamamagitan ng pag-iwan ng mensahe pagkatapos ng oras ng trabaho sa (323) 914-9358.
- Bisitahin ang COVID-19 na website ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County, sa www.publichealth.lacounty.gov/media/Coronavirus/ para sa iba't ibang mga mapagkukunan na tumatalakay sa pagkontrol ng impeksyon at gabay sa sosyal na pagdistansya tulad ng mga press release, mga FAQ, mga rekomendasyon sa paglilinis; at mga gabay na dokumento na iniayon sa mga negosyo, mga paaralan, mga kolehiyo at mga unibersidad, at mga pasilidad sa pagkain.
- Tumawag sa 2-1-1 (Linya ng Impormasyon sa LA County).

25. Ano pa ang maaari kong gawin para makatulong na maiwasan ang pagkalat ng COVID-19?

Habang hinaharap natin ang pagtaas ng pagkalat ng COVID-19, ang Public Health ay nananawagan sa bawat tao at bawat organisasyon na gawin ang kanilang bahagi upang makatulong sa pagpigil ng pagkalat nito. Bilang karagdagan sa mga hakbang sa sosyal na pagdistansya na kinakailangan sa Mas Ligtas sa Tahanan na Utos, patuloy na inirerekomenda ng Public Health na ang lahat sa county ay magpatibay ng mga sumusunod na hakbang sa proteksiyon, upang maprotektahan ang kanilang mga sarili, kanilang mga pamilya, at ang mga taong mas madaling maapektuhan ng impeksyon.

- Iwasan ang hindi kinakailangang paglalakbay.
- Kung ikaw ay may sakit na di-malubha, manatili sa bahay ng hindi bababa ng pitong araw o hanggang 72 oras pagkatapos na mawala ang lagnat, alinman rito ang mas matagal. Tawagan ang iyong doktor kung ikaw ay nag-aalala at/o ang iyong mga sintomas ay lumala. Ang mga indibidwal na matatanda na, may napapailalim na mga kondisyon sa kalusugan o nagdadalang-tao ay dapat isaalang-alang ang pakikipag-ugnayan sa kanilang mga tagapagbigay ng pangangalaga nang mas maaga kapag sila ay may sakit.
- Ibukod ang mga empleyado o mga bisita na may anumang lagnat at/o mga sintomas ng impeksyon sa palahingahan at mula sa lahat ng mga paaralan, mga negosyo, at mga gawain na may kaugnayan sa trabaho.
- Sundin ang lahat ng mga rekomendasyon sa sosyal na pagdistansya na inilabas ng Public Health.

Ang mga karagdagang rekomendasyon, kabilang ang mga naaayon na rekomendasyon para sa iba't ibang mga organisasyon, ay naipaskil sa www.publichealth.lacounty.gov/media/Coronavirus/.